

Wika ng Pangangampanya: Pagsusuri sa mga Tanawing Pangwika ng Cebu sa Panahon ng Eleksyon

Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research
Vol. 8 No.3, 104-111
August 2020 Part II
P-ISSN 2350-7756
E-ISSN 2350-8442
www.apjmr.com
ASEAN Citation Index

Arnel T. Noval

Cebu Technological University, Main Campus, Cebu City, Philippines
arnelnoval663@gmail.com

Date Received: May 14, 2020; Date Revised: August 6, 2020

Abstract – *In Cebu, the election period is a language situation that reflects the widespread distribution and contextualized use of language through political ads. These political ads are considered as examples of a linguistic landscape of a place. This study used descriptive research and was anchored to the notion of Landry and Bourhis' binary approach in examining linguistic landscapes. The study aims to examine the linguistic landscape of Cebu during the election on May 2019 based on the following aspects –language space, language dominance and political representations that they exhibit. Based on the findings, linguistic landscape is an effective tool for language dissemination and distribution. In addition, the use of bilingual and multilingual languages in political ads simply mean that the Province of Cebu is embracing multilingualism and globalization while using the Cebuano language is a proof of the appreciation of the people in Cebu in their local language. On the other hand, the written language in the linguistic landscapes represent the resonating call for action on issues encountered by the linguistic community. The contextualized studies in linguistic landscapes can greatly contribute in assessing the condition of the language and in promoting the local language enrichment of a linguistic community.*

Keywords: *Language, Campaign, Linguistic Landscape, Province of Cebu, Election*

Abstrak – *Sa Cebu, ang panahon ng halalan ay sitwasyong pangwika na kakikitaan ng laganap na distribusyon at kontekstwalisadong paggamit ng wika sa pamamagitan ng mga political ads. Ang mga political ads na ito ay maituturing na isang halimbawa ng linguistic landscape o tanawing pangwika ng isang lugar. Gumagamit ang pag-aaral ng deskriptibong pananaliksik at iniangkla ito sa nosyon nina Landry at Bourhis' binary approach sa pagsusuri sa mga tanawing pangwika. Nilayon ng pag-aaral na masuri ang mga linguistic landscape ng Cebu sa panahon ng eleksyon batay sa – espasyong kinalalagyan, language dominance at politikal na platapormang mamamalas sa mga ito. Batay sa mga natuklasan, ang mga tanawing pangwika ay isang mabisang kasangkapan sa pagpapalaganap at distribusyon ng wika. Kaugnay nito, ang paggamit ng bilinggwal at multilinggwal na wika sa mga political ads ay nangangahulugan ng pagyakap ng lalawigan ng Cebu sa multilinggwalismo at globalisasyon habang ang paggamit naman ng wikang Sebwano ay isang patunay sa pagpapahalaga ng mga taga-Cebu sa lokal na wika. Sa kabilang banda, ang mga wikang nakasulat sa mga tanawing pangwika ay wikang representasyon ng panawagan sa pagbibigay-aksyon sa mga usaping nararanasan ng linggwistikong komunidad. Malaki ang maiaambag ng kontekstwalisadong pag-aaral ng mga tanawing pangwika upang masuri ang estado ng wika at maisulong ang pagpapayaman sa lokal na wika ng isang linggwistikong komunidad.*

Susing Salita: *Wika, Pangangampanya, Tanawing pangwika, Lalawigan ng Cebu, Eleksyon*

INTRODUKSYON

Ang pag-aaral sa tanawing pangwika ng Tsina ay karaniwang sumasaklaw sa pagsasalin at sa mga paniniwalang kaugnay rito, katangian ng domenyong kinabibilangan nito, mga teorya at mga pamamaraan sa pag-aaral ng tanawing pangwika na patuloy na pinalililang sa mahigit 40 taon lalo na ang mga pananaliksik tungkol sa mga pampublikong

palatandaan [1]. Makikita naman sa mga tanawing pangwika ng Hongkong na ang wikang Ingles ang higit na laganap sang-ayon sa konteksto ng kanilang pamumuhay. Ang paglaganap at paggamit ng wikang Ingles sa mga tanawing pangwika ay bunga ng prestihiyosong naidudulot nito [2]. Sa Pilipinas naman, ang pag-aaral sa tanawing pangwika ay maituturing na nasa yugto pa ng pagkabata [3]. Ang tanawing

pangwika ay ginagamit sa pagtatangkang masuri ang dibersidad at ugnayan ng multilinggwal na kapaligirang katulad ng sa Pilipinas [4].

Malaking hamon sa larangan ng wika ang pagpapalawig sa pag-aaral nito nang sa gayon ay maisulong ang *vitality* ng wika upang makasabay sa hamon ng globalisasyon at maiwasan ang pagkamatay ng isang wika. Ang pagpapalawak ng kamalayan sa unti-unting pagkamatay ng wika at dibersidad nito ay magiging matagumpay lamang kung maitatag ang makabuluhang kontemporaryong gampanin ng mga minoridad na wika bilang kahingian ng modernong pamumuhay sa kanyang sariling komunidad gayundin ang nasyonal at internasyonal na konteksto nito [5]. Kung kaya, mahalagang pagtuonan ng linggwistikong komunidad ang pag-aaral sa kontekstwalisadong pagsusuri sa wika at ng sitwasyong pangwikang kinabibilangan nito.

Isang halimbawa ng sitwasyong pangwika na kakikitaan nang talamak at laganap na paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto ay ang panahon ng halalan. Sa isang bansang malaya tulad ng Pilipinas, isa sa mga inaabangang tagpo ay ang araw ng halalan. Sa panahong ito, naisasakatuparan ng isang mamamayan ang kanyang kalayaan sa pagpapahayag, kalayaang makisangkot sa pagboto at higit sa lahat ang kalayaang humarap sa madla at tumakbo bilang panibagong lider ng bansa. Sa ganitong panahon din nasusubukan ang kapangyarihang taglay ng wika na mangumbinse at manghimok sa pagpapakilos sa tao upang bumoto para sa kanyang napupusuang politiko.

Sa lalawigan ng Cebu, sa panahon ng halalan, hindi lamang politikong nangungusap ang nakadaragdag sa kasiglahan ng lalawigan bagkus laganap din ang mga *poster*, *tarpaulin*, at iba pang *political ads* na makikita sa mga espasyong pampubliko o pampribado. Talamak din ang mga nakaaagaw-pansing islogan na nakasulat sa mga ito. Mga nangungusap na politikal na islogan, may nakasulat na wika at naglalayong magpakilos. Ang paggamit ng wika ay laganap sa mga pampublikong espasyo maging ito ay sa loob o labas man ng paaralan. Nakabubuo ito ng mga tekstong lutang na lutang sa mga pampublikong palatandaan at materyales mula sa kapaligiran [6]. Ang mga pampublikong palatandaang ito ay tinatawag na tanawing pangwika.

Ang tanawing pangwika o *linguistic landscape* ay tumutukoy sa mga tekstong multimodal na nakapaskil sa mga pampublikong lugar at iba pang espasyo. Sinasaklaw ng *linguistic landscape* ang gamit na wika ng komunidad [6]. Ayon naman kay Landry at

Bourhis, ang mga pampublikong wika ng mga *road signs*, *advertising billboards*, pangalan ng kalye, pangalan ng lugar, *signs* ng *commercial shop* at ang palatandaan ng panggobyernong gusali ang bumubuo sa tanawing pangwika ng isang lipunan [7]. Ang tanawing pangwika ay nagbibigay-katugunan sa mahahalagang pahiwatig sa kalikasan ng multilinggwalismo sa komunidad at kadalasang nagbibigay ng tiyak o mas mahusay na akawnt sa totoong sosyolinggwistikong karanasan ng isang komunidad kaysa sa nagagawa ng isang polisiyang pangwika [8].

Sa kasalukuyan, dumarami ang panawagan sa mas kontekstwalisado, historikal at kritikal na lapit sa pag-aaral ng mga tanawing pangwika sa layuning makabuo ng mas malawak na pag-unawa sa sosyopolitikal na pagpapakahulugan ng mga ito at ginagamit sa gampaning ginagampanan ng mga pampublikong palatandaan sa aspektong sosyal ng iba't ibang komunidad. Sa malawakang perspektiba ipinapakita ng pag-aaral sa mga tanawing pangwika ang impluwensya ng multilinggwalismo sa pakikisalamuha ng indibidwal sang-ayon sa sosyo-politikal at maging sa ekonomikong ideolohiya [8],[9].

Sa kasalukuyan, kaunti pa lamang ang mga pag-aaral sa Pilipinas kaugnay sa pagsusuri sa mga tanawing pangwika ng bansa. Ilan sa mga ito ay ang pag-aaral nina Cadiente at Valdez [9] na sumuri sa mga *public signs* sa komunidad na nasalanta ng bagyong Yolanda, pag-aaral nina Jazul at Bernardo [4] na nakatuon sa sosyolinggwistikong pagsusuri sa mga tanawing pangwika ng Chinatown, Binondo, Maynila, pag-aaral ni Nibalvos [10] na nakatuon naman sa pag-aanalisa sa mga *linguistic landscape* ng Maynila bilang sentro ng kalakalan ng bansa at ang pag-aaral ni Monje [3] kung saan sinuri niya ang mga tanawing pangwika ng protesta bilang pagtutol sa paglibing sa dating Pangulong Ferdinand Marcos sa Libingan ng mga Bayani noong Nobyembre 2016.

Mahalaga ang pag-aaral sa mga tanawing pangwika upang mailahad ang kasalukuyang kalagayan ng wika sa mga pampublikong espasyo. Sa tulong nito, masusubaybayan ang sigla at paglaganap ng wika upang maiwasan ang pagkamatay nito gaya ng ibang wika at mga wikain sa iba't ibang panig ng mundo [10]. Ang maugong na panawagan sa kontekstwalisadong pag-aaral sa tanawing pangwika ng isang linggwistikong komunidad ang nagtulak upang isagawa ang pag-aaral na ito. Nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri ang tanawing pangwika ng Cebu sa panahon ng eleksyon. Tinitiyak din nito na

maanalisa ang espasyo, namamayaning wika o *language dominance* at politikal na platapormang makikita sa mga *political ads* bilang kabahagi ng tanawing pangwika o *linguistic landscape* ng isang lipunan.

Bilang paglalahat, pinangangatwiran ng pag-aaral na ito na ang espasyong kinalalagyan ng mga *political ads* publiko man o pribado ay nakatutulong sa pagpapalaganap at distribusyon ng wikang nakapaloob dito. Dagdag pa nito, ang wikang dominante sa mga *political ads* bilang isang tanawing pangwika ay mabisang hulmaan ng mga implikasyong pangwika na magsisilbing gabay sa pagbubuo ng mga polisiyang pangwika kaugnay sa multilinggwalismong pananaw sa wika ng isang linggwistikong dibersidad. Higit sa lahat, ang mga platapormang politikal na masisilayan sa mga tanawing pangwikang ito ay wikang sumasalamain sa mga usaping kinakaharap ng lipunan na nangangailangan ng agarang pagkilos.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang mga tanawing pangwika ng Cebu sa panahon ng eleksyon bilang ambag sa pagpapalawig ng pag-aaral pangwika sa kontekstwalisado at lokalisadong kaparaanan. Tinitiyak nito na masuri ang mga sumusunod: (1) espasyong kinalalagyan, (2) *language dominance* at (3) politikal na platapormang mamamalas sa islogan ng mga *political ads*.

INSTRUMENTO AT KAGAMITAN NG PANANALIKSIK

Desinyo ng Pag-aaral

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong metodo sa paraang deskriptibo sa pagsusuri ng mga tanawing pangwika ng Cebu sa panahon ng halalang noong Mayo, 2019. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pagsusuri ayon sa nosyon nina Landry at Bourhis' *binary approach* sa – espasyong kinalalagyan ng mga tanawing pangwika, dominanteng wika at platapormang politikal ng mga ito. Nakapokus ang nosyon na ito sa pagsusuri sa mga isyung nakapaloob sa mga tanawing pangwika gaya ng pagbilang sa mga wikang ginamit sa paglalayong maisiwalat ang hirarkiya ng linggwistikong resorses sa multilinggwal na *setting* at ang global na paglaganap ng Ingles at ang pagkaiba-iba ng mga gamit na wika sa pampubliko at pribadong palatandaan [8].

Sinimulan ang pag-aaral sa pamamagitan ng paglikom ng mananaliksik ng mga larawan ng mga tanawing pangwika gamit ang kanyang selpon. Boluntaryo ring nag-ambag ng mga larawan ang kanyang piling mag-aaral upang mas mapalawak pa ang saklaw ng pag-aaral. Ang mga *political ads* na ito ay nagmumula sa mga lansangan, pampubliko at pribadong lugar sa lalawigan ng Cebu. Sa pangkalahatan nakalikom ang mananaliksik ng 335 na larawan ng mga tanawing pangwika mula sa lungsod ng Cebu, Talisay, Lapu-Lapu, Mandaue, Consolacion at Cordova. Matapos malikom ang mga larawan, sinuri ng mananaliksik ang espasyong kinalalagyan ng mga tanawing pangwika, dominanteng wikang nakapaloob at ang politikal na platapormang namamayani rito.

Sinundan naman ito ng paglalahad at pagpapakahulugan ng mga kinalabasan ng isinagawang pagsusuri. Ang mga nakolektang *political ads* ay masusing pinag-aralan bilang kabahagi at pag-ambag sa pag-aaral ng tanawing pangwika ng isang linggwistikong komunidad gaya ng lalawigan ng Cebu.

Pinanggalingan ng mga Datos

Binubuo ng 323 na *political ads* ang kinasangkapan upang maisakatuparan ang mga layunin ng pag-aaral at pinili ayon sa mga kriterya: (1) ang tanawing pangwika ay may kaugnayan sa halalan at (2) pinaskil para sa Mayo 2019 na eleksyon. Masusing sinuri ang espasyong kinalalagyan ng tanawing pangwika, ang wikang dominante, at ang politikal na platapormang namamayani sa politikal na islogang sinuri. Ang mga tanawing pangwikang ito ay nalikom mula sa ilang pangunahing lungsod at munisipalidad sa lalawigan ng Cebu – Cordova, Consolacion, Talisay, Lapu-Lapu, Mandaue at siyudad ng Cebu. Napili naman ang mga lugar na ito bilang pinanggalingan ng mga tanawing pangwika dahil sa *accessibility* nito sa mananaliksik, ang mga lugar na ito rin ay ang pangunahing lungsod at munisipalidad sa lalawigan at batay na rin sa dami ng mga larawan ng *political ads* na boluntaryong iniambag ng ilang mag-aaral.

Limitasyon ng Pag-aaral

Binibigyang-pokus sa pag-aaral na ito ang pagsusuri sa tanawing pangwika ng Cebu sa panahon ng eleksyon noong Mayo, 2019 gaya ng mga nakadikit na *political ads*. Ang pagsusuring ito ay limitado lamang sa 323 *political ads* sa lalawigan ng Cebu – Cordova (10), Consolacion (27), Talisay (25), Lapu-Lapu (36), Mandaue (73) at siyudad ng Cebu (152). Sentro ng pagsusuri ay ang espasyong kinalalagyan ng

mga *political ads*, dominanteng wika at politikal na plataporma.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Inilalahad sa bahaging ito ang prosesong isinagawa sa pagsusuri sa mga *political ads* na nakolekta. Ginawang sandigan ng pag-aanalisa ang mga suliraning inilalahad ng pag-aaral na ito. Matutunghayan din sa bahaging ito ang pagtatalakay sa resulta at interpretasyong nabuo batay sa pagsusuring isinagawa.

Espasyo ng mga Tanawing Pangwika ng Cebu sa Panahon ng Eleksyon

Ang pag-aaral sa mga tanawing pangwika ay maituturing na multidisiplinari at ang mga mananaliksik na nag-aaral sa ganitong uri ng pag-aaral ay nagmumula sa iba-ibang larang. Iilan lamang sa mga larang na ito ay ang sosyolinggwistiks, *applied linguistics*, linggwistika, pag-aaral sa komunikasyon, sosyolohiya, ekonomiks, heograpiyang sosyal, *landscape architecture*, sikolohiya, edukasyon at iba pang disiplina [11].

Talahanayan 1. Espasyo ng mga Tanawing Pangwika ng Cebu sa Panahon ng Eleksyon

Espasyo	Bilang	%
Nakadikit/nakapaskil sa bahay (dingding, bintana, pinto, gate atbpa)	117	36.22
Nakapaskil sa poste	27	8.36
Sasakyan at iba pang transportasyon	8	2.48
Imprastruktura at pampublikong gusali (gymnasium, palengke, skywalk atbpa)	17	5.26
Nakasabit sa puno	8	2.48
Bakod, pader sa tabi ng daan at bakanteng lote	87	26.93
Nakabillboard sa pribadong gusali at iba pang establisemyento	8	2.48
Nakasabit/nakadikit sa tindahan, <i>internet cafe</i> , pagawaan, bilyaran at <i>junkshop</i>	51	15.79
Total	323	100%

Ang mga tanawing pangwika ay mauuri sa dalawa – ang *top-down* at *bottom-up*. Ang *top-down* ay tumutukoy sa mga palatandaang panggobyerno gaya ng pangalan ng mga kalye at iba pa samantalang ang *bottom-up* naman ay mga palatandaan na nagmumula sa mga pribadong negosyo o di kaya ay sa mga karaniwang tao [2].

Ang mga tanawing pangwika ay nasa paligid lamang. Makikita ang wika ng mga palatandaang ito sa mga kalye, sa loob ng mga tindahan, mga panggobyernong gusali, mga bangko, mga paaralan at iba pa [11]. Matapos masuri ang mga nalikom na *political ads*, ang espasyo ng mga *political ads* ay naikategorya sa walo ayon sa: (1) nakadikit/nakapaskil sa bahay, (2) nakapaskil sa poste, (3) sasakyan at iba pang transportasyon, (4) imprastruktura ng gobyerno at pampublikong gusali, (5) nakasabit sa puno, (6) bakod, pader sa pader at bakanteng lote, (7) nakabillboard sa pribadong gusali at ibang establisemyento, (8) nakasabit sa tindahan, *internet cafe*, pagawaan, bilyaran, at *junkshop*.

Makikita sa talahanayan 1 na ang nangungunang espasyo ng mga *political ads* ay ang nakadikit/nakapaskil sa bahay na may 36.22% (117), sinundan naman ito ng bakod, pader sa tabi ng daan at bakanteng lote na may 26.93% (87), nakasabit/nakadikit sa tindahan, *internet cafe*, pagawaan, bilyaran at *junkshop* na may 15.78% (51), nakapaskil sa poste na may 8.36% (27) at imprastruktura at pampublikong gusali na may 5.26% (17) habang ang sasakyan at iba pang transportasyon, nakasabit sa puno, nakabillboard sa pribadong gusali at establisemyento ay may pinakamababang bahagdan na may 2.48% (8) bawat isa.

Inilalahad ng talahanayan 1 na ang nangungunang espasyong kinalalagayan ng mga *political ads* ay ang pagpapaskil sa mga tahanan. Nangangahulugan lamang ito na ang distribusyon at pagpapalaganap ng mga wika sa mga *political ads* ay abot ng sangkabahayan at personal o direkta ang pagdanas sa mga ito. Dagdag pa nito, ang pagpapaskil sa bakod, pader, bakanteng lote, mga tindahan, *internet cafe*, pagawaan, bilyaran at *junkshop* ay kakikitaan ng pagnanais na maabot ang lipunan at ang mga ordinaryong mamamayan sang-ayon sa kanilang pang-araw-araw na mga transaksyon. Mula sa pagbili ng kanilang mga pangangailangan hanggang sa kanilang pag-uwi sa kanilang mga tahanan, ang pagdanas sa mga tanawing pangwika sa panahon ng eleksyon ay abot-tanaw. Habang ang pagpapaskil sa poste, imprastruktura at pampublikong gusali, mga sasakyan at iba pang transportasyon, sa puno gayundin ang mga nakabillboard sa pribadong gusali at establisemyento ay naging madalang dahil sa mga restriksyon at polisiyang may kontrol hinggil sa pagpapaskil ng mga ito.

Ayon nga sa pag-aaral nina Cadiente at Valdez [9] binanggit niya na ang mga *signs* o palatandaan ay nakapaskil sa mga lugar na madaling makita upang

makakuha ito ng atensyon ng publiko. Iginigiit din ng laki at sukat ng mga *signs* o palatandaan ang lawak ng saklaw na ninanais maabot o makakita ng mga nakasulat sa mga ito. Binanggit naman sa pag-aaral ni Bradshaw [6] na ang multi-genre at multi-modal na teksto na makikita sa mga pampublikong espasyo ay may potensyal sa pagpapalawig ng pag-aaral sa wika at kalinangang panliterasi. Mahalaga ang mga *political ads* na ito sa diseminasyon ng mga impormasyon o kaalaman sa publiko gaya ng mga impormasyong may kaugnayan sa plataporma sa kalusugan, trabaho at anunsiyo mula sa mga kandidatong tumatakbo sa isang posisyon sa gobyerno.

Bilang paglalahat, ang pagpapaskil ng mga *political ads* na ito sa mga lokasyong abot-tanaw ay isang magandang pamaraan sa pagpapalaganap ng wikang ninanais nitong maipaabot nang sa gayon ay maiangat ang kamalayan ng linggwistikong komunidad sa wikang namamayani sa isang tiyak na sitwasyong pangwika. Kaugnay nito, ang espasyo ay nakatutulong sa pag-abot sa laylayan ng lipunan na siyang pinapatungkulan o awdyens ng mga tanawing pangwikang ito.

Dominanteng Wikang Mamamalas sa mga *Political Ads*

Sa pagsisimula ng 21st siglo, masasabi na ang mundo ay naging multilinggwal na mundo. Ang ideyang monolinggwalismo ng isang bansa – isang estado, isang wika ay lipas na at napalitan na ng komplikadong pagpapalitan at pagsasama-sama ng iba’t ibang wika [12].

Talahanayan 2. Dominanteng Wikang Mamamalas sa mga *Political Ads*

Wika ng Politikal Ads	Bilang	Frequency
Sebwano	26	8.05
Filipino	29	8.98
Ingles	15	4.64
Sebwano-Ingles	163	50.46
Filipino-Ingles	72	22.29
Sebwano-Filipino-Ingles	18	5.57
Total	323	100%

Sa sinuring *political ads* nangunguna ang monolinggwal na wikang Filipino na may 8.98% (29) na sinundan ng Sebwano na may 8.05% (26) at Ingles na may 4.64% (15). Sa bilinggwal na wika nangunguna ang Sebwano-Ingles na may 50.46% (163) habang ang Filipino-Ingles ay may 22.92% (72).

Samantala, ang multilinggwal na wikang binubuo ng Sebwano-Filipino-Ingles ay may 5.57% (18).

Lutang na lutang sa talahanayan 2 ang distribusyon ng mga wikang monolinggwal, bilinggwal at multilinggwal. Ang paggamit ng Filipino bilang nangungunang wika sa monolinggwal na mga *political ads* ay isang patunay ng pagiging opisyal na wika nito higit lalo na ang wikang Filipino ay ang pambansang wika at nauunawan ng nakararaming Pilipino. Tuwiran ding mapapansin na ang karaniwang gumagamit sa Filipino sa mga *political ads* ay ang mga kandidatong tumatakbo sa mga nasyonal na posisyon. Samantala, ang paglaganap ng wikang Ingles sa mga bilinggwal at multilinggwal na *political ads* ay nagpapatunay na ang lalawigan ng Cebu ay isang linggwistikong komunidad na yumayakap sa dibersidad ng wika at paglaganap ng globalisasyon. Sa kabilang banda, kapansin-pansin din ang paggamit ng wikang Sebwano sa mga *political ads*. Nangangahulugan lamang ito na bagamat yumayakap ang lalawigan ng Cebu sa dibersidad ng wika at globalisasyon nananatili pa rin ang pagpapahalaga sa lokal na wika at sa paggamit nito sa kontekstwalisadong pamaraan lalo na sa panahon ng eleksyon. Ang paggamit ng isang wika sa halip na ang ibang wika ay mahalaga at bukas para sa linggwistiko at sosyolinggwistikong pag-aanalisa.

Sa Pilipinas, lalo na sa Cebu, ang mga isyung nauukol sa wika ay isa sa matitinik na paksa ng pagdedebate at mga pagtatalo. Kagaya ng maraming postkolonyal na mga bansa, ang Pilipinas ay may dalawang opisyal na wika Filipino at Ingles na pawang ginagamit bilang midyum ng instruksyon sa mga paaralan [3]. Masasalamain sa tanawing pangwika ang paggamit sa wika sa pamaraang multi-modal. Ang mga teksto ay nabubuo sa pamamagitan ng iba’t ibang mode: nakasulat/nakalimbag, larawan/biswal, pasalita, *gestural*. Ang mga tanawing pangwika ay maari ring multi-linggwal o multi-diyalektal [6]. Sa kabilang banda, ang paggamit at paglaganap ng wikang Ingles sa tanawing pangwika ng Maynila ay may malaking ugnayan sa pagpapasigla ng mga negosyo at iba pang gawaing pang-ekonomiya. Target nito hindi lamang ang mga lokal na mamamayan kundi maging ang mga dayuhang bumibisita at naninirahan sa lungsod [10]. Nagpapatunay lamang ito na ang mga tanawing pangwika ay may mahalagang gampanin ayon sa kung paano ito ginamit. Ang mga *political ads* ay kakikitaan ng wikang nakatutulong sa pagpapalaganap ng mensahe na ninanais nitong maabot.

Masasabi namang ang paggamit ng bilinggwal na wika ay nakapagpapasigla rin sa wika at

komunikasyong maidudulot nito sa mga mambabasa o awdyens nito. Ang mga tanawing pangwika ay nakatutulong sa paghubog sa pagkakakilanlan ng kabataan. Nabibigyang-linaw din nito ang mga representasyong sosyal at kamalayang pangwika sa pamamagitan ng pagdanas nito [2]. Samantala, ang paggamit ng bilinggwal na wikang ito ay mas magpapalawak sa saklaw ng maaabot na mga awdyens sa kadahilang magdudulot ito ng pag-unawa sa mga babasa nito [6]. Patunay lamang ang mga wikang mamamalas sa mga *political ads* sa malawak na impluwensya ng wikang Ingles sa linggwistikong komunidad ng Cebu sa panahon ng halalan.

Bilang paglalahat, ang mga *political ads* bilang tanawing pangwika ng Cebu sa panahon ng eleksyon ay isang patunay sa pagyakap ng lalawigan ng Cebu sa dibersidad ng wika at globalisasyon. Nakatutulong ang LL sa pagpapalaganap at distribusyon ng mga wika at sa lubusang pag-unawa nito gamit ang mga wikang nakasulat dito. Pinapasigla rin lalo ng mga wikang ginamit tulad ng Ingles-Sebwano, Filipino-Ingles, Filipino, Sebwano at iba pang wikang namalas sa pagsusuri ang pakikisangkot ng mga mamamayan sa naganap na halalan.

Politikal na Platapormang Namamayani sa mga Politikal na Islogan

Nagiging makabuluhan ang pag-aaral sa mga tanawing pangwika kung nailalahad nito ang mga isyung may kaugnayan sa salungatan at pagkakaugnay ng wika at panlipunang pagbabago [11]. Ang pampublikong palatandaan ay ginagamit sa pagpapalaganap ng mensahe para sa pampublikong interes. Kaugnay nito, ginagamit din ang mga ito bilang biswal na representasyon ng sitwasyong pangwika ng isang lipunan. Maaaring ito ay walang kabuluhan para sa karamihan ngunit kung pagtutuonan lamang ng pansin maipamamalas ng tanawing pangwika ang ugnayan nito sa kontekstong sosyolinggwistiks, tungkulin ng wika, *power relations*, *language contact* at iba pang usaping nauukol sa linggwistika [4].

Makikita sa talahanayan 3 na ang pinakanangungunang platapormang politikal ay ang matapat, malinis at mahusay na pamamahala na may 28.48 (92) pumapangalawa naman dito ang kaagapay ng mahihirap sa pagsugpo ng kahirapan na may 19.81% (64), sinundan ng maunlad na ekonomiya, trabaho at turismo na may 15.79% (51) at kalidad na serbisyong pampubliko, kalusugan at pabahay na may 10.24% (33). Samantala, ang pagsulong ng *accessible*

at kalidad na edukasyon at isports ay may 8.67% (28), seguridad at kapayapaan na may 6.19% (20), boses ng minoridad na may 5.57% (18) at patas na hustisya na may 4.02% (13). Nahuhuli naman ang politikal na representasyon may kaugnayan sa pangangalaga sa kalikasan 1.24% (4).

Talahanayan 3. Politikal na Platapormang Namamayani sa mga *Political Ads*

Politikal na Plataporma	Bilang	Frequency
Maunlad na Ekonomiya, Trabaho at Turismo	51	15.79
Matapat, Malinis at Mahusay na Pamamahala	92	28.48
Pagsulong ng <i>Accessible</i> at Kalidad na Edukasyon at Isports	28	8.67
Kaagapay ng Mahihirap sa Pagsugpo ng Kahirapan	64	19.81
Pangangalaga sa Kalikasan	4	1.24
Kalidad na Serbisyong Pampubliko, Kalusugan at Pabahay	33	10.24
Patas na Hustisya	13	4.02
Boses ng Minoridad (Kabataan, Kababaihan, PWD's atbpa)	18	5.57
Seguridad at Kapayapaan	20	6.19
Total	323	100%

Ipinapakahulugan ng talahanayan 3 na higit na kinakailangan ng bansa ang lideratong matapat, malinis at mahusay sa pamamahala. Sa ganitong paraan, naaabot ng pamahalaan ang pinakadulong laylayan ng bansa. Kaugnay nito ang politikal na representasyong ito ay sumasalamin sa panawagan ng nakararaming Pilipino sa mas mapagkakatiwalaang gobyerno. Gobyernong walang dungis, matapat at tumutupad sa mga pangakong programang makatutulong sa suliranin ng bansa. Kapansin-pansin naman ang mataas na bahagdang nakuha ng categoryang kaagapay ng mahihirap sa pagsugpo ng kahirapan at maunlad na ekonomiya, trabaho at turismo. Ang mga politikal na islogan ay sumasaklaw sa pagsugpo ng kahirapang nararanasan ng bansa. Ipinalulutang nito ang panawagan sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa sa pamamagitan ng pagpaparami ng mga trabaho o pag-angat ng *employment rate*. Binigyang-diin din nito ang gampanin ng turismo sa pagpapaunlad ng ekonomiya. Gayundin, ang mga ito ay kamamalasan ng pagmamalasalakit sa mga mamamayan lalo na sa mga mahihirap.

Hindi naman magkalayo ang bilang ng mga tugon sa politikal na platapormang nakakategorya sa kalidad

na serbisyong pampubliko, kalusugan at pabahay, pagsulong sa *accessible* at kalidad na edukasyon at isports at seguridad at kapayapaan. Nagwiwika lamang ito sa maugong na panawagan ng lalawigan ng Cebu sa *accessible* at kalidad na serbisyong pampubliko gayundin ang panawagan sa mas matiwasay na lipunan.

Sa kabilang banda, nahuhuli sa mga politikal na islogan batay sa bilang ang boses ng minoridad, patas na hustisya at pangangalaga sa kalikasan. Nangangahulugan lamang ito na mas pinagtutuonan ng pansin ng mga tumatakbo ang pagpapaunlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagpaparami ng trabaho at pangangalaga sa turismo at pag-angat ng serbisyong pampubliko tungo sa pagsugpo ng kahirapan. Ang usaping ito bagaman hindi masyadong napagtutuonan ng pansin ay mahalaga upang mapakinggan ang mga hinaing ng minoridad. Sa pamamagitan ng pagdinig sa kanilang posisyon, maipapadama sa minoridad na kabahagi sila ng lipunan at may malaki silang tungkulin sa pagpapaunlad ng bansa.

Ang pagpapaskil ng mga wika sa pampublikong lugar ay isang halimbawa ng politikal na pagkilos [3]. Dagdag pa nito, ang tanawing pangwika ay ginagamit din sa pagtatangka na masuri ang dibersidad at *power relations* ng isang multilinggwal na kapaligiran gaya ng Pilipinas [4]. Ang mga naisagawang pananaliksik ukol sa mga tanawing pangwika ay nagbibigay-linaw sa pagkilala sa pakikibaka ng iba't ibang pangkat sa komunidad bilang tanda ng pagganap sa pagsasalungatan sa pagpapahalaga sa wika upang maipahayag ang pangangailangan at ng komunikatibong layunin ng wika [9]. Ang mga politikal na islogan na kakikitaan ng mga platapormang politikal na ito sa larangan ng wika ay makatutulong sa mas kontekstwalisadong pag-aaral sa kalagayan ng wika sa linggwistikong komunidad. Tinataglay nito ang panawagan na personal na nararanasan ng lipunan. Dahil dito, direktang naisasangkot ang mga tagabasa nito sa wika at isyu ng kanyang linggwistikong komunidad.

Bilang paglalahat, ang mga wikang nakasulat sa mga tanawing pangwika sa lalawigan ng Cebu sa panahon ng eleksyon ay kasasalaman ng mga wikang representasyon ng mga politikal na hangarin. Nagagawa din nitong matugunan at maihayag sa linggwistikong komunidad ang suliraning kinakaharap ng bansa gamit ang dibersidad ng wika. Sa ganitong paraan, lubusang naisasangkot ang mga mambabasa sa pag-aaral ng wika dahil ang mga usapin ay danas ng

lokalidad at kontekstwal itong nabibigyan ng pagpapakahulugan sang-ayon sa sitwasyong pangwika ng lipunan. Sa lalawigan ng Cebu, kakaunti pa lamang ang mga pag-aaral sa mga tanawing pangwika ng linggwistikong komunidad ngunit ang kamalayan sa larangang ito ay nagsusupling at humihimok sa mga mananaliksik sa larangan ng linggwistika na bumuo at palawigin pa ang pag-aaral ukol dito.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang mga tanawing pangwika ng Cebu sa panahon ng eleksyon bilang ambag sa kontekstwalisadong pag-aaral sa sitwasyong pangwika ng lalawigan ng Cebu bilang isang linggwistikong komunidad. Kaugnay nito, binigyang-pokus sa pagsusuri ang espasyong kinalalagayan ng mga tanawing pangwika, dominanteng wika at ang politikal na platapormang mamamalas sa islogan ng mga *political ads*. Natuklasan sa pag-aaral na ang nangungunang espasyong kinalalagayan ng mga *political ads* ay ang pagpapaskil sa mga tahanan. Samantala, ang dominanteng wikang makikita sa mga ito ay ang monolinggwal na wikang Filipino habang ang pinakanangungunang platapormang politikal naman ay ang matapat, malinis at mahusay na pamamahala.

Batay sa mga natuklasan, ang pagpapaskil ng mga *political ads* bilang tanawing pangwika sa panahon ng eleksyon sa mga espasyong abot-tanaw ay mabisang kasangkapan sa pagpapalaganap at distribusyon ng wika. Kaugnay nito, nakatutulong din ang espasyo sa pag-abot sa laylayan ng lipunan upang maiangat ang kamalayan ng linggwistikong komunidad sa usaping politikal ng bansa at dibersidad ng wika. Sa pamamagitan din ng pag-aaral sa mga tanawing pangwika nabibigyang-linaw ang pagyakap ng lalawigan ng Cebu sa multilinggwalismo at globalisasyon. Bagamat laganap ang paggamit ng bilinggwal na wika sa *political ads*, kapansin-pansin pa rin naman ang paggamit ng wikang Sebwano sa mga ito na patunay lamang sa pagpapahalaga ng mga taga-Cebu sa bernakular na wika. Isinasalamin din ng mga tanawing pangwika ang mga platapormang politikal na direktang tumutukoy sa mga suliraning kinakaharap ng bansa at tuwirang nararanasan ng linggwistikong komunidad. Ang wikang nakasulat dito ay wikang nagsisilbing boses-panawagan sa agarang pagbibigay aksyon sa mga usaping danas ng lipunan.

Binanggit nga nina Cenoz, Gorter at May [11] na ang mga tanawing pangwika ay nasa paligid lamang. Makikita ito sa mga palatandaang pangwika sa mga

kalye, loob ng tindahan, mga pampublikong gusali bangko, paaralan, atbp. Sa tulong ng pagsusuri sa mga tanawing pangwika sa panahon ng eleksyon sa Cebu, mapag-aaralan ang *vitality* ng wika ng komunidad sa mas kontekstwal at lokalisadong pamamaraan. Ayon nga kay Roche [13] ang *vitality* ng wika ay isang indikasyon ng *sustainability* ng isang wika at nagsisilbing itong gabay upang matukoy ang antas ng interbensiyong kinakailangan sa pagpapanatili nito. Kung kaya ang panahon ng eleksyon ay maituturing na sitwasyong pangwika kung saan laganap ang distribusyon ng mga materyal tulad ng *tarpaulin, stickers, posters*, mga pamaypay at iba pang *political ads* na kinasangkapan ng mga kandidato sa pangangampanya. Ang mga materyal na ito ay naglalaman hindi lamang ng mukha ng mga kandidato bagkus kakikitaan ito ng wika sa anyo ng politikal na islogan at iba pang platapormang ninanais maitaguyod ng isang kandidato bilang representasyon ng kanyang boses sa pagtakbo sa inaasam na posisyon lokal man o nasyonal. Higit sa lahat ang mga *political ads* na ito bilang tanawing pangwika ay nakapagbibigay-kulay sa takbo ng eleksyon sa bansa at nagsisilbing daluyan sa mga usaping kinakaharap ng isang bansa.

Nakasentro lamang ang pag-aaral na ito sa pagsusuri sa espasyo, dominanteng wika at sa platapormang politikal ng mga tanawing pangwika ng Cebu sa panahon ng eleksyon na siyang limitasyon ng pag-aaral. Kaya, inererekomenda ng mananaliksik ang mas malalimang pag-aaral sa mga tanawing pangwika batay sa konteksto ng linggwistikong komunidad. Ang kontekstwalisadong pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa pagbuo ng mga polisiyang pangwika tungo sa revitalisasyon ng mga wikang lokal. Paigtingin pa lalo ang pagtuturo ng mga wikang lokal at himukin ang komunidad na gamitin ito sa pang-araw-araw. Nawa ay palawakin pa ng ibang mananaliksik ang sakop ng pag-aaral kaugnay sa mga tanawing pangwika ng Cebu at iba pang bahagi ng bansa gaya ng pagmamapa ng mga pampubliko at pribadong palatandaan sa mga lansangan, sa mga *tourist spot* at iba pang linggwistikong komunidad nang sa gayon ay mabusising masuri ang kalagayan ng mga lokal na wika ng isang lipunan.

MGA SANGGUNIAN

[1] Guo, G.H. & Li, B.J. (2017). Linguistic Landscape of China: A Case Study of the Language Use of Shop Signs in Wuhan. *Studies in Literature and Language*, 15(1), 1-9, <http://dx.doi.org/10.3968/9816>

- [2] Finzel, A.M. (2012). English in the Linguistic Landscape of Hong Kong: A Case Study of Shop Signs and Linguistic Competence. *University of Postdam*, 1-92.
- [3] Monje, J. (2017). "Hindi Bayani/Not a Hero": The Linguistic Landscape of Protest in Manila. *Cogitatio*, 5(4), 14-28, <https://doi.org/10.17645/si.v5i4.1151>
- [4] Jazul, M.E.M. & Bernardo, A. (2017). A Look into Manila Chinatown's Linguistic Landscape: The Role of Language and Language Ideologies. *Philippine Journal of Linguistics*, 75-98.
- [5] UNESCO Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages. (2003). Language Vitality and Endangerment. *International Expert Meeting on UNESCO Programme Safeguarding of Endangered Languages, Paris*, 1-25.
- [6] Bradshaw, I.H. (2014). Linguistic Landscape as a Language Learning and Literacy Resource in Caribbean Creole Contexts. *Caribbean Curriculum*, 22, 157-173.
- [7] Cenoz, J. & Gorter, D. (2006). Linguistic Landscape and Minority Languages. *International Journal of Multilingualism*, 3(1), 67-80, <https://doi.org/10.1080/14790710608668386>.
- [8] Moriarty, M. (2014). Languages in Motion: Multilingualism and Mobility in the Linguistic Landscape. *International Journal of Bilingualism*, 18(5), 457-463, <https://doi.org/10.1177/1367006913484208>.
- [9] Cadiente, G.D. & Valdez, P.N. (2019). A Linguistic Landscape Analysis of Public Signs after Typhoon Haiyan. *International Journal of Asia Pacific Studies*, 15(1), 33-57, <https://doi.org/10.21315/ijaps2019.15.1.2>.
- [10] Nibalvos, I.M. (2017). Ang Wika sa Pampublikong Espasyo: Isang Pag-aaral sa Tanawing Pangwika ng Maynila. *Scientia: The International Journal on the Liberal Arts*, 6(2), 93-113.
- [11] Cenoz, J., Gorter, D. & May, S. (ed). (2017). Language Awareness and Multilingualism. *Encyclopedia of Language and Education, Springer (Third Edition)*, 233-245.
- [12] Gorter, D. (ed). (2006). Linguistic Landscape A New Approach to Multilingualism. *International Journal of Multilingualism*. 3(1), 1-6.
- [13] Roche, G. (2017). Linguistic Vitality, Endangerment and Resilience. *DECRA Research Fellow, Asia Institute. University of Melbourne*. <https://scholarspace.manoa.hawaii.edu/bitstream/10125/24733/1/roche.pdf>.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>)